REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
DEPARTMENT OF EDUCATION
NATIONAL CAPITAL REGION
SCHOOLS DIVISION OFFICE – MARIKINA CITY
Shoe Ave., Sta. Elena, Marikina City
+63 (02) 682-2472 / 682-3989 (CID) / 369-9046(SGOD)
https://depedmarikina.ph / (email) sdo.marikina@deped.gov.ph

August 7, 2018

MEMORANDUM TO:

CID and SGOD Chiefs
Education Program Supervisors
Public Schools District Supervisors
Elementary School Principals
Secondary School Principals
Officers-In-Charge
Public and Private Schools

DIVISION OF CITY SCHOOLS
MARIKINA
RELEASED
08 AUG 2018
RECORDS UNIT

Please find the herein communication dated July 26, 2018 from **DR. WILFREDO E. CABRAL**, *Officer-In-Charge, Office of the Regional Director* regarding invitation to the forum entitled **"Ang Wikang Filipino at Federalismo,"** on August 24, 2018 at Malcom Theater, College of Law, University of the Philippines, Diliman, Quezon City, content of which is self-explanatory.

For your information and guidance.

SHERYLL T. GAYOLA
Officer-In-Charge
Office of the Schools Division Superintendent

Republika ng Pilipinas
(Republic of the Philippines)
KAGAWARAN NG EDUKASYON
(DEPARTMENT OF EDUCATION)
PAMBANSANG PUNONG REHIYON
(NATIONAL CAPITAL REGION)
Daang Misamis, Bago Bantay, Lungsod Quezon
(Misamis St., Bago Bantay, Quezon City)

3. Marikina City

Department of Education
National Capital Region
Records Section
RELEASED
By:
Date: 7/27/18 Time: 10

Hulyo 26, 2018

DIVISION OF CITY SCHOOLS
MARIKINA
RECEIVED
03 AUG 2018
RECORDS UNIT 10:35

Para sa : Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan

Mahal na Sir/Madam:

Kalakip ang kalatas na may petsang 26 Hulyo, 2018 nilagdaan ni Dr. Rommel B. Rodriguez, Direktor , Sentro ng Wikang Filipino, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, magsasagawa ng regular na talakayan na Talasalitaan na may pamagat na "Ang Wikang Filipino at Federalismo" sa Agosto 24, 2018, (Biyernes) sa ganap na 1:00nh – 4:00 nh sa Malcolm Theater, Kolehiyo ng Batas, UP Diliman, sa pakikipagtulungan ng Alliguyon-UP Folklorist, UP Korea Research Center, UP Arirang, UP Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, at DZUP, para sa inyong kabatiran.

Lubos na sumasainyo,

WILFREDO E. CABRAL
Officer-In-Charge
Tanggapan ng Panrehiyong Direktor

Regional Letter No. 218

SENTRO NG WIKANG FILIPINO
unibersidad ng pilipinas diliman

24 Hulyo 2018

Department of Education
National Capital Region
Records Section
RECEIVED
By:
Date: 31518 Time:

DR. WILFREDO E. CABRAL
Tagapamahalang Opisyal
Opisina ng Panrehiyong Direktor
Departamento ng Edukasyon-National Capital Region
Misamis St., Bago Bantay, Quezon City,

Mahal na Dr. Cabral:

Pagbati!

Malugod po naming ipinababatid na isasagawa ng Sentro ng Wikang Filipino-Diliman (SWF-UP Diliman) Diliman sa pakikipagtulungan ng Aliguyon-UP Folklorists, UP Korea Research Center, UP Arirang, UP Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, at DZUP ang regular nitong talakayan na Talasalitaan na may pamagat na **"Ang Wikang Filipino at Federalismo" sa Agosto 24, 2018 (Biyernes) sa ganap na 1:00 nh-4:00 nh sa Malcolm Theater, Kolehiyo ng Batas, UP Diliman.** Bahagi ang programang ito sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika 2018. Kasamang tagapagtaguyod ng SWF-UPD ang Kolehiyo ng Batas, Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, at DZUP.

Inaasahang maging Tagapagsalita sina Atty. Florin Hilbay, dating Solicitor General sa termino ni Pangulong Benigno Aquino III at kasalukuyang propesor sa Kolehiyo ng Batas, UP Diliman at Dr. Teresita Gimenez-Maceda, ekspertong guro, manunulat, at tagapagtaguyod ng wikang Filipino. Tatalakayin nila ang nasabing paksa at kung paano maaapektuhan ng bagong konstitusyon ang kalagayan ng wikang Filipino bilang wikang pambansa. Magbibigay naman ng mahahalagang komento sina Dekana Maria Bernadette Abrera ng UP Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya at Kgg. Antonio L. Tinio, Kinatawan ng ACT Teacher's Partylist.

Ang Talasalitaan ay isang regular na forum na isinasagawa ng SWF-UP Diliman na nagtatampok ng iba't ibang paksa na may kaugnayan sa pananaliksik at pagtuturo ng wikang Filipino sa iba't ibang disiplina para sa lalo pang pagpapaunlad at pagsulong ng Palisi sa Wika ng Unibersidad ng Pilipinas. Magiging kasamang tagapagtaguyod ng SWF-UPD ang Aliguyon-UP Folklorists, UP Korea Research Center, at DZUP.

Kaugnay nito, magalang naming hinihiling sa inyong tanggapan na maglabas ng *Memorandum* na magsisilbing imbitasyon sa lahat ng mga kaguruan (elementarya at hay-iskul) buhat sa iba't ibang eskuwelahan sa NCR para dumalo at makiisa sa aming pagdiriwang. WALA PONG BABAYARAN NA ANUMANG HALAGA PARA SA REHISTRASYON.

3/Palapag, Paaralan ng Pagpaplanong Urban at Rehiyonal (SURP), E. Jacinto Street, UP Diliman, Lungsod Quezon 1101
Tel. Blg : 981-8500 lokal 4583/4584/4585; 426-5838; TeleFax: 924-4747
Website: http://sentrofilipino.upd.edu.ph

Para sa inyong kaalaman, ang UP SWF-Diliman ay isang opisina sa ilalim ng Opisina ng Tsanselor na nagtataguyod ng mga proyekto ukol sa pagpapayabong ng wikang Filipino at sa patakarang pangwika ng UP. Isa sa mga tungkulin ng SWF ay magtaguyod sa mga gawain ng mga akademiko para sa mas mahusay, mabilisan, at malaganap na paggamit ng Filipino bilang wikang panturo sa pamamagitan ng paglalaguyod ng mga seminar-workshop, forum, kumperensiya, at lektyur na pangwika sa iba't ibang disiplina na gumagamit ng wikang Filipino.

Malaki ang maitutulong ng inyong tanggapan para maipabatid sa mga nasasakupang paaralan ang makabuluhang gawaing ito. Lakip nito ang tentatibong programa.

Maaaring makipag-ugnayan kay Gng. Gemma C. Dalmacion sa tel. blg. 924-47-47. Kung mayroon kayong katanungan, maaari ring tumawag sa 9244747 o 981 8500 lokal 4583, o mag-email sa swf@upd.edu.ph.

Ngayon pa lamang ay ipinauuna na namin ang aming taus-pusong pasasalamat para sa inyong suporta at pakikiisa.

Lubos na sumasainyo,

DR. ROMMEL B. RODRIGUEZ
Direktor